

		Numero ng Patakaran: HS-130.4
		Pahina 1 ng 6
Manual: Administratibong Manual ng Sheppard and Enoch Pratt Hospital		May bisa:06/28/19
Seksyon: 100 - Sistemang Pangkalusugan	Sub-section: 130 - Pananalapi	Inihanda ni: Armando Colombo
Pamagat: Pampinansyal na Tulong – Pinansyal na Serbisyo para sa Pasyente		

PATAKARAN:

Nakatuon ang Sistemang Pangkalusugan ng Sheppard Pratt (“Sistemang Pangkalusugan”) sa pagbibigay sa mga pasyente ng pinakamataas na kalidad ng pangangalaga at mga serbisyo. Upang matulungan ang aming mga pasyente, magbibigay ng pinansyal na tulong sa mga pasyenteng hindi kayang magbayad para sa mga serbisyo ibinigay at nakakatugon sa mga pamantayang itinatag sa patakaran sa pinansyal na tulong (financial assistance policy o FAP) na ito, anuman ang lahi, kulay, pananalig, relihiyon, kasarian, bansang pinagmulan, edad, marital status, estado ng pamilya, kapansanan o iba pang salik ng pandidiskrimina.

LAYUNIN:

Itatag ang mga pamantayan ng kwalipikasyon at proseso para sa aplikasyon/pag-apruba ng mapagkawanggawang tulong para sa mga kliyente ng Sistemang Pangkalusugan.

PAMAMARAAN:

1. Mga Pagpapakahulugan

Amounts Generally Billed o AGB: Ang halagang karaniwang sinisingil para sa emergency o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga sa mga indibidwal na may insurance na sumasaklaw sa naturang pangangalaga, tulad ng ipinaliwanag nang mas detalyado sa Seksyon 3 na nakasaad dito.

Seksyon 501(r) ng Code: Seksyon 501(r) ng Internal Revenue Code at ang mga regulasyong ipinahayag sa ilalim nito, na pana-panahong binabago.

Emergency na Pangangalaga: Agarang pangangalaga na kinakailangan upang mapigilang malagay ang kalusugan ng pasyente sa matinding panganib, malubhang kapansanan sa paggana ng katawan, at/o malubhang abnormalidad sa paggana ng anumang organo o bahagi ng katawan.

Mga Kabuuang Singil: Ang kabuuang halaga na sinisingil ng Sistemang Pangkalusugan para sa mga item at serbisyo bago ilapat ang anumang diskwento, nakakontratang allowance, o kaltas.

Medikal na Kinakailangang Pangangalaga: Ang ibig sabihin ng mga serbisyo o pangangalaga ay pangangalaga na natukoy na medikal na kinakailangan kasunod ng pagpapasya ukol sa klinikal na merit ng nag-admit na doktor o iba pang lisensyadong doktor.

Pasyente: Ang mga taong nakakatanggap ng emergency o medikal na kinakailangang pangangalaga sa Sistemang Pangkalusugan at ang taong may responsibilidad na bayaran ang pangangalaga ng pasyente.

Posibilidad ng Pagiging Kwalipikado: Ang proseso kung saan maaaring gumamit ang Sistemang Pangkalusugan ng mga nakaraang pagpapasya ukol sa pagiging kwalipikado at/o iba pang impormasyon mula sa mga mapagkukunan bukod sa indibidwal upang matukoy ang pagiging kwalipikado para sa pinansyal na tulong.

Walang insurance: Mga pasyenteng walang insurance o third-party na tulong upang matulungang malutas ang kanilang pinansyal na pananagutan sa mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Kulang ang insurance: Mga pasyenteng limitado ang saklaw ng pangangalagang pangkalusugan, o saklaw na nag-iiwan sa pasyente ng pananagutan mula sa sariling bulsa at samakatuwid ay maaaring nangangailangan pa rin ng pinansyal na tulong.

Partidong May Responsibilidad: Kaugnay ng mga serbisyong ibinibigay ng Sistemang Pangkalusugan, ang pasyente, guarantor ng account, o iba pang taong may responsibilidad na bayaran ang mga naturang serbisyo.

2. Pagiging Kwalipikado sa Pinansyal na Tulong

A. Mga Pangkalahatang Pamantayan

Kasama sa mga serbisyong kwalipikado para sa pinansyal na tulong ang: emergency na pangangalaga, mga serbisyong itinuring ng Sistemang Pangkalusugan na medikal na kinakailangang pangangalaga, at sa pangkalahatan, pangangalagang sapolitan at kinakailangan upang mapigilan ang pagkamatay o mga hindi magandang epekto sa kalusugan ng pasyente.

Ang ilang partikular na serbisyo na hindi itinuturing na emergency o medikal na kinakailangang pangangalaga, na tinukoy ng Sistemang Pangkalusugan sa sarili nitong pagpapasya, ay hindi kwalipikado para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP na ito. Kabilang sa mga hindi kasamang serbisyo ang, ngunit hindi limitado sa, mga sapolitang serbisyo, (Mga) Programang Pang-edukasyon, ang Retreat, at ang Ruxton House, pati na rin ang anumang karagdagang serbisyong may kaugnayan sa mga nabanggit na kategorya.

Dagdag pa rito, maaaring maging kwalipikado ang populasyon ng Quaker para sa hiwalay at/o karagdagang tulong sa ilalim ng hiwalay na Patakaran ng Quaker sa Pinansyal na Tulong ng Sistemang Pangkalusugan. Para sa karagdagang impormasyon kaugnay ng Patakaran ng Quaker sa Pinansyal na Tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa Departamento ng Mga Pinansyal na Serbisyo para sa Pasyente.

Kapag walang mapapangatwiranang sitwasyon, ayon sa pagpapasya ng Sistemang Pangkalusugan, ang pinansyal na tulong na ibinigay ng Sistemang Pangkalusugan sa ilalim ng FAP na ito ay sekondarya sa lahat ng iba pang third party at pinansyal na mapagkukunang available sa pasyente, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa insurance sa bayad-pinsala ng manggagawa, Medicaid, at iba pang lokal, pang-estado, o pederal na programa ("Third Party na Tulong"). Ang sinumang pasyente na hindi o ayaw magbigay ng hinihiling na impormasyon sa Sistemang Pangkalusugan, o hindi o ayaw mag-apply para sa Third Party na Tulong ay maaaring ituring na hindi kwalipikado para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP na ito sa sariling pagpapasya ng Sistemang Pangkalusugan. Katulad nito, ang pasyenteng maglalagay ng mali o mapanlinlang na impormasyon kaugnay ng FAP na ito ay maaaring ituring na hindi kwalipikado para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP na ito sa sariling pagpapasya ng Sistemang Pangkalusugan.

B. Mga Pinansyal na Pamantayan

Ang mga pasyenteng wala o kulang ang insurance at may kita ng sambahayan na nasa o mas mababa sa 250% ng Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan ay maaaring makatanggap ng libreng pangangalaga (100% diskwento).

Sa kabila ng mga pamantayan sa itaas, ang mga Pasyenteng nakaipon ng mga asset na \$10,000 bawat indibidwal o \$25,000 bawat sambahayan ay maaari lang maging kwalipikado para sa 50% tulong.

Ang Pasyente na may kita at mga asset na lampas sa mga itinatag na alituntunin sa pagiging kwalipikado ngunit nagsasaad na hindi nila mababayaran ang buo o bahagi ng kanilang (mga) balanse sa account ay maaaring higit pang suriin batay sa bawat kaso. Ang pagiging kwalipikado para sa buo o bahagyang pinansyal na tulong ay mapagpapasyahan pagkatapos isaalang-alang ang kabuuang pinansyal na sitwasyon ng Pasyente pati na rin ang pagsaalang-alang sa mga mapapangatwiranang sitwasyon. Kasama sa mga karagdagang pamantayan na ginagamit upang matukoy ang status ng pagiging kwalipikado ang status sa trabaho, kapasidad na magkaroon ng kita sa hinaharap, at iba pang pinansyal na mapagkukunan.

Kapag pinagpapasyahan ang pagiging kwalipikado ng mga pasyente, hindi isinasaalang-alang ng Sistemang Pangkalusugan ang lahi, kasarian, edad, sekswal na oryentasyon, kinaaanibang relihiyon, o estadong panlipunan o estado bilang immigrant.

3. Pagtukoy sa Halaga ng Pinansyal na Tulong

Kapag naitatag na ang kwalipikasyon para sa pinansyal na tulong, hindi sisingilin ng Sistemang Pangkalusugan ang mga pasyenteng kwalipikado para sa pinansyal na tulong nang higit sa karaniwang halagang sinisingil, o AGB, sa mga insured na pasyente para sa emergency o medikal na kinakailangang pangangalaga (ang "limitasyon ng AGB")

Alinsunod sa batas ng Maryland, ang mga singil kung saan malalapat ang diskwento ay itinatakda ng ahensya ng regulasyon ng rate ng Maryland na kilala bilang Health Services Cost Review Commission ("HSCRC") at pareho ang mga ito para sa lahat ng nagbabayad. Samakatuwid, hanggang sa sakop na naaangkop, ang AGB ay natutukoy sa ilalim ng inaasahang pamamaraan at batay sa mga rate na itinatag ng HSCRC para sa Sistemang Pangkalusugan.

4. Pag-apply para sa Pinansyal na Tulong

Para sa mga pagpapasya ukol sa pagiging kwalipikado sa pinansyal na tulong, kakailanganin ng mga pasyente, kasama ang mga partidong may responsibilidad, na magsumite ng kumpletong aplikasyon para sa pinansyal na tulong kasama ang lahat ng pansuportang dokumentasyong kinakailangan sa aplikasyon at maaaring mangailangan ng mga appointment o talakayan ang mga ito kasama ang isang kinatawan ng Departamento ng Mga Pinansyal na Serbisyo para sa Pasyente ng Sistemang Pangkalusugan. Dapat ibigay ng mga pasyente ang kinakailangang impormasyon at dokumentasyon kapag nag-a-apply para sa pinansyal na tulong. Nakasaad sa aplikasyon at sa mga tagubilin para roon ang kinakailangang impormasyon.

Ang mga aplikasyon para sa pinansyal na tulong na naka-file sa Sistemang Pangkalusugan ay maaaring gamitin sa loob ng hanggang 12 buwan pagkatapos ng petsa ng pagsusumite kung hindi nagbago ang mga pinansyal na sitwasyon.

Tinatanggap ang mga aplikasyon para sa pinansyal na tulong anumang oras sa yugto ng pagsingil, pati na pagkatapos maitalaga sa ahensya ng pangongolekta o iba pang third party. Gayunpaman, ang mga pasyenteng mayroon ng, o kwalipikado para sa, Third Party na Tulong ay dapat munang mag-apply para sa at gamitin ang

naturang Third Party na Tulong bago maproseso/maisaalang-alang ang aplikasyon para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP na ito, sa sariling pagpapasya ng Sistemang Pangkalusugan.

5. Abiso tungkol sa Pag-apruba o Pagtangga para sa Tulong

Aabisuhan ng departamento ng Mga Pinansyal na Serbisyo para sa Pasyente ang pasyente sa pamamagitan ng liham sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang aplikasyon para sa pinansyal na tulong kung inaprubahan o tinanggihan ang aplikasyon. Kung inaprubahan ang aplikasyon, kabilang sa liham ng halaga ng tulong na inaprubahan. Kung tinanggihan ang aplikasyon, ibibigay sa liham na ito ang dahilan ng pagtangga. Para sa mga hindi kumpletong aplikasyon, bibigyan ang mga pasyente ng isang nakasulat na listahan ng impormasyon at/o dokumentasyong kinakailangan pa rin upang makumpleto ang aplikasyon ng pinansyal na tulong at kung saan isusumite ang kulang na impormasyon.

Kasama sa mga dahilan ng pagtangga ang:

- Hindi kumpletong impormasyon sa aplikasyon.
- Hindi sumunod ang pasyente sa proseso ng aplikasyon para sa iba pang programa ng tagabayad tulad ng Medicaid, Health Insurance Plan (HIP), at pampublikong merkado.
- Labis na kita o pagkukunan.

Lahat ng pasyenteng itinuring na kwalipikado para sa mas mababa sa pinakamalaking halaga ng tulong (100%) na makukuha sa ilalim ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong (FAP) ay bibigyan ng 30 araw upang magsumite ng apela upang humiling ng karagdagang pinansyal na tulong. Maaaring magpakita ang pasyente ng karagdagang impormasyon sa panahong ito upang masuportahan ang kanyang hiling.

6. Posibleng Kwalipikasyon

Sa ilang partikular na sitwasyong itinuring na makatuwiran at mauunawaan, ang kawalan ng aplikasyon ng pinansyal na tulong at pansuportang dokumentasyon ay hindi nangangahulugan na magresulta ito sa pagtangga para sa tulong. Kung hindi makakapagbigay ng sapat na impormasyon ang pasyente upang suportahan ang kwalipikasyon sa pinansyal na tulong, maaaring mag-refer o umasa ang Sistemang Pangkalusugan sa panlabas na pagmumulan at/o iba pang pagkukunan ng pang-enroll sa programa upang matukoy ang pagiging kwalipikado. Kasama sa mga halimbawa ang:

- Mga pasyenteng kwalipikado sa Medicaid. Mga balanse para sa pasyenteng kasalukuyang hindi kwalipikado para sa buong coverage ng Medicaid, ngunit wala sa petsa ng serbisyo.
- Walang tirahan ang pasyente.
- Pasyente na may uncollectible na score segment mula sa ahensya ng pangongolekta.
- Pumanaw na pasyente na walang mga estate asset.
- Pasyenteng may out of state na kwalipikasyon sa Medicaid na kasalukuyang naninirahan sa labas ng Maryland.

7. Publication ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong

Available sa mga pasyente ang FAP, aplikasyon ng pinansyal na tulong, at madaling maunawaang buod (kasama ang mga salin) ng Sistemang Pangkalusugan kapag hiniling at nang walang bayad. Dagdag pa rito, ang mga serbisyo ng pagsalin para sa Spanish, Russian, Korean, Mandarin (Chinese), Tagalog, Urdu, Vietnamese, at French, pati na rin ang iba pang wika ay maaaring hilingin para sa mga pasyenteng nangangailangan ng tulong sa wika (depende sa availability at pag-iskedyul).

Ang FAP, application form ng pinansyal na tulong, at ang madaling maunawaang buod ay available kapag hiniling sa mga sumusunod na lokasyon ng Sistemang Pangkalusugan:

- Lokasyon ng Pagpaparehistro at Pagpapa-admit ng Pasyente
- Crisis Walk-in Clinic
- Departamento ng Mga Pinansyal na Serbisyo para sa Pasyente (Towson, Maryland)

Habang pagpaparehistro ng pasyente para sa mga serbisyo sa loob ng ospital, makakatanggap ang mga pasyente ng packet na may madaling maunawaang buod ng FAP.

Ang FAP, aplikasyon ng pinansyal na tulong, at ang madaling maunawaang buod ay ibinabahagi sa pamamagitan ng mail kapag hiniling sa telepono sa sumusunod na mga numero:

- Departamento ng Mga Pinansyal na Serbisyo para sa Pasyente – (410)-938-3370 o toll free sa 1-(800)-264-0949
- Bawat ahensya ng pangongolekta kung saan inilalagay ng Sistemang Pangkalusugan ang mga account

Mahamanap din ng mga pasyente ang FAP, aplikasyon ng pinansyal na tulong, at madaling maunawaang buod online sa web site ng Sistemang Pangkalusugan:

- www.sheppardpratt.org/patient-care-and-services/resources/financial-support/

Dagdag pa rito, ibinabahagi ng Sistemang Pangkalusugan ang availability ng pinansyal na tulong sa mga sumusunod na paraan:

- Notification sa lahat ng statement ng pagsingil ng mga pasyente
- Mga karatulang nakapaskil sa lugar ng pagpaparehistro at pagpapa-admit
- Mga karatulang nakapaskil sa Crisis Walk-in Clinic
- Mga brochure para sa pasyente na nagbubuod sa FAP at kung paano mag-apply para sa inaalok na tulong sa ospital
- Karagdagang pagsisikap sa pakikipag-uganayan sa publiko

8. Mga pagkilos kung may Mangyaring hindi Pagbayad

Ang mga maaaring gawing pagkilos sa pangongolekta ng Sistemang Pangkalusugan kung hindi natanggap ang aplikasyon sa pinansyal na tulong at/o bayad ay inilarawan sa hiwalay na patakaran sa pagsingil at pangongolekta. Samakatuwid, gumagawa ng partikular na pagsisikap ang Sistemang Pangkalusugan upang mabigyan ang mga pasyente ng impormasyon tungkol sa FAP bago gumawa ng mga partikular na pagkilos upang kolektahin ang siningil. Ang mga balanseng inilagay sa ahensya ng pangongolekta ay kwalipikado pa rin para sa bawas na pinansyal na tulong kung nakatugon sa pamantayan ng kwalipikasyon. Ang patakaran ng pagsingil at pangongolekta (kasama ang mga pagsalin) ay maaaring makuha sa parehong paraan at parehong mga lokasyong nakasaad sa Seksyon 7 sa itaas.

9. Mga Kwalipikadong Provider

Dagdag pa sa pangangalagang ibinibigay ng Sistemang Pangkalusugan, saklaw din ng FAP na ito ang emergency at medikal na kinakailangang pangangalagang ibinibigay sa opsital ng mga provider na nakalista sa ibaba

- Sheppard Pratt Physicians, P.A.

Mga Sanggunian: HS-130.11 Pinansyal na Tulong – Madaling Maunawaang Buod

Mga Kalakip:

Mga Petsa ng Pagbabago:

Mga Petsa ng Pagsusuri:

12/05, 5/08, 10/11, 12/13, 06/18, 06/19

Mga Lagda:

Armando Colombo:

4839-1578-0962v5